
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Paggamit ng Diksyunaryo




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Diksyunaryo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Merry Jean A. De Asis

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Gloria C. Sabanal

**Tagawasto:** April T. Delos Santos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Mary Grace P. Refulle at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Paggamit ng Diksyunaryo

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggamit ng Diksyunaryo!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paggamit ng Dikyunaryo!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawain para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos ng sagutin lahat ng mga pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Magandang araw sa iyo!

Malugod kitang binabati dahil matagumpay mong nasagot ang naunang mga gawain.

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang paggamit ng diksyunaryo sa pagbibigay kahulugan ng mga salita.

May iba't ibang gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan at madali mo itong maintindihan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakagagamit ng Dikyunaryo

(F3EP-Id6.1).





## *Subukin*

Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng sumusunod na salita. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| maganda | matibay | matulin | maligaya | marunong |

1. marikit ____________________

2. mabilis ____________________

3. masaya ____________________

4. matalino ____________________

5. matatag ____________________

Aralin 1

# Diksyunaryo

## *Balikan*

Kopyahin mo ito sa iyong kuwaderno at kulayan ng dilaw ang kahon ng mga salitang may tamang baybay.

| | | |
|---|---|---|
| tsike | tseke | tsiki |
| orihinal | orehinal | orihenal |
| tiknikal | teknikal | teknekal |
| kolehiyo | koleheyo | kolehiyu |
| eskwelahan | eskwilahan | eskuwilahan |

# *Tuklasin*

Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga salitang nasa mini-diksyunaryo at isulat ang tamang sagot sa patlang katapat ng bilang. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| alagaan | lungkot | tagumpay |
| bayan | matatag | sandigan |

## Mini – Diksiyunaryo

_________________ 1. arugain, kalinga


_________________ 2. malakas, matibay

_________________ 3. panalo, nagwagi

_________________ 4. pighati, lumbay

_________________ 5. pundasyon, batayan

## Suriin




Ang diksyunaryo ay isang aklat na binubuo ng mga salita ng isang wika na isinasaayos nang paalpabeto (A hangang Z, na may mga paliwanag, pagpapakahulugan o pagbibigay ng katuturan.

## Pagyamanin

A. Pagsunod-sunurin ang mga salita nang paalpabeto. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel.

1. ________ agham
   ________ apoy
   ________ abaniko
   ________ ahas
   ________ anim

2. _______ pagong
   _______ suklay
   _______ kawali
   _______ manika
   _______ medyas

3. ________ baka

________ bulaklak

________ bintana

________ baso

________ buhay

4. ________ langis

________ sapatos

________ bata

________ daga

________ gunting

5. ________ pagong

________ pugad

________ puno

________ pinya

________ papaya

Basahin ang mga salita at kahulugan sa diksyunaryo na nasa ibaba.

| Diksyunaryo |
| --- |
| Asintomatiko - walang anumang sintomas o palatandaan<br><br>**Coronavirus** - ay isang malaking pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang higit na malubhang sakit<br><br>**Covid-19** - isang akronim ng sakit na tinatawag na **Coronavirus Disease 2019**<br><br>**Epidemya** - isang malawakang paglaganap ng sakit sa isang komunidad sa loob ng isang panahon<br><br>**Immune system** - depensa ng katawan laban sa sakit tulad ng impeksiyon, pinupuksa nito ang mga mikrobyong pumapasok sa katawan<br><br>**virus** - napakaliit na nakahahawang butil na maaari lamang dumami sa selyula ng buhay na hayop, halaman o bakterya |

B. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na salita upang makabuo o makompleto ang pahayag. Isulat ang tamang salita sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Coronavirus Disease | epidemya | Immune system |
| sintomas | virus | |

1. Ang ibig sabihin ng COVID ay ___________________________.
2. Si Berto ay walang anumang _________________________ sa sakit.
3. Malakas ang ______________________ ng katawan ni Ana laban sa sakit tulad ng impeksiyon.
4. Dahil sa paglaganap ng ___________________ ngayon sa buong mundo marami na ang namatay.
5. Sa paggamit ng face mask kapag may ubo o sipon, maiiwasan ang pagkalat ng mga _____________________ at mikrobyo sa iba.

## Isaisip

Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Ang ________________ ay isang aklat na nagbibigay kahulugan sa mga di-kilalang __________, wastong baybay at wastong pantig.

Ito ay aklat na binubuo ng mga salita ng isang wika na nakaayos nang pa-alpabeto mula _____________.

## Isagawa

Sa gawaing ito, maaari kang gumamit ng diksyunaryo. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat mo ito sa iyong sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tahimik | maaasahan | magaling | maganda | simple |

__________________ 1. Kaakit-akit ang mga tanawin sa Pilipinas.

__________________ 2. Mapagkakatiwalaan na bata si Berto.

__________________3. Payapa sa lugar ng Tagumpay City.

__________________4. Payak ang pamumuhay ng pamilyang Cruz.

__________________5. Si Nanay Linda ay mahusay gumawa ng bibingka.

# Tayahin

Basahin ang teksto na nasa loob ng kahon. Kopyahin mo ang may salungguhit na mga salita sa iyong kuwaderno. Pagkatapos, ibigay ang kahulugan nito gamit ang diksyunaryo.

| |
|---|
| Ang pananatiling malinis ng iyong katawan tulad ng mga kamay ang pinakamabuting paraan ng pag-iwas sa pagkakaroon ng mikrobyo na magdudulot ng impeksiyon.<br><br>Palagiang hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o alcohol. Kung maaari, ugaliing uminom ng bitamina. Kumain din ng masustansiyang pagkain at matulog sa tamang oras. Sa pamamagitan nito, maiiwasan talaga ang magkasakit. |

1. ________________________ - __________________________

2. ________________________ - __________________________

3. ________________________ - __________________________

4. ________________________ - __________________________

5. ________________________ - __________________________

## *Karagdagang Gawain*

Gamit ang isang diksyunaryo na nasa ibaba. Pumili ka ng limang salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

| Diksyunaryo |
|---|
| Asintomatiko - walang anumang sintomas o palatandaan<br><br>Coronavirus - ay isang malaking pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang higit na malubhang sakit<br><br>Covid-19 - isang akronim ng sakit na tinatawag na Coronavirus Disease 2019<br><br>Epidemya - isang malawakang paglaganap ng sakit sa isang komunidad sa loob ng isang panahon<br><br>Immune system - depensa ng katawan laban sa sakit tulad ng impeksiyon, pinupuksa nito ang mga mikrobyong pumapasok sa katawan<br><br>virus - napakaliit na nakahahawang butil na maaari lamang dumami sa selyula ng buhay na hayop, halaman o bakterya |

1.

2.

3.

4.

5.

# Susi sa Pagwawasto

**Isagawa**

1. maganda
2. maaasahan
3. tahimik
4. simple
5. magaling

**Isaisip**

1. diksyunaryo
2. salita
3. A-Z

**Tayahin**

| Maaaring Sagot | |
|---|---|
| malinis | dalisay, maayos, makinis, o malinaw |
| paraan | salik na nakakaapekto sa kilos |
| mikrobyo | bakterya |
| impeksiyon | pagkakaroon ng prisensiya ng bakterya |
| gamit | kasangkapan |

## Karagdagang Gawain

**Rubriks sa Pagbuo ng Pangungusap**

Panuto: Gamit ang isang diksyunaryo na nasa ibaba.Pumili ka ng tatlong salita at gamitin mo ang mga ito sa pangungusap.

3 - Mahusay

2 - Katanggap-tanggap

1 - Nangangailangan pa ng mga pantulong na pansanay

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagsunod sa uri ng anyong hinihingi o ipasusulat. | 3 | 2 | 1 |
| Wastong gamit ng wika o salita, baybay at bantas. | 3 | 2 | 1 |
| Malinis at maayos ang pagkakasulat. | 3 | 2 | 1 |
| **Kabuoang Puntos** | | | |

Aralin 1: DIKSYUNARYO

| Subukin A | Balikan | Tuklasin |
|---|---|---|
| 1. maganda | 1. tseke | 1. alagaan |
| 2. matulin | 2. orihinal | 2. matatag |
| 3. maligaya | 3. teknikal | 3. tagumpay |
| 4. marunong | 4. kolehiyo | 4. lungkot |
| 5. matibay | 5. eskwelahan | 5. sandigan |

**Pagyamanin A**

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | 2 | 2. | 4 | 3. | 1 | 4. | 4 | 5. | 1 |
| | 5 | | 5 | | 5 | | 5 | | 4 |
| | 1 | | 1 | | 3 | | 1 | | 5 |
| | 3 | | 2 | | 2 | | 2 | | 3 |
| | 4 | | 3 | | 4 | | 3 | | 2 |

**Pagyamanin B**

1. Coronavirus disease
2. sintomas
3. Immune system
4. epidemya
5. virus

# *Sanggunian*

"Salin sa Filipinong mga Terminolohiya kaugnay ng Covid-19," Philippine Genome Center, last modified March 28, 2020, www.pgc.up.edu.ph.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph